**‘OBOSEN KO KAYO’:**
**Wika ng Kapangyarihan ni Pangulong Duterte**

Joseph Reylan Viray

**Abstrak**

Isa itong panimulang sanaysay ukol sa retorika ng ‘obosen’ ni Pangulong Duterte. Inihain ng papel kung papaano ginamit ng Pangulo ang ‘obosen’ upang ipakita niya ang kanyang katangian bilang isang malakas,patriyotiko at maytapang na lider ng bansa. Ginamit niya ang ‘obosen’ upang mahikayat ang kanyang target na tagapagtangkilik. Pinakita ng papel kung papaanong mabisang minanipula ni Duterte ang ‘obosen’ tungo sa pagkontrol sa panlipunang kamalayan. Upang mapahina ang epekto ng retorikang ito ni Duterte, naglatag naman ng ilang *counter-rhetoric* ang mga katungali ng Pangulo na siya ring binigyang pansin ng papel. Tinapos ang papel sa isang payak na lagom.

*This is a preliminary essay on the rhetoric of ‘obosen’ of President Rodrigo Duterte. The essay discusses how the President employed the term ‘obosen’ to show his leadership quality characterized by strenght, firmness, patriotism and courage. He used ‘obosen’ as a way to persuade his target audience. The essay explicates how he was able to excellently manipulate and control the Philippine social consciousness. To soften the effects of Duterte’s ‘obosen’, his political rivals offered couinter-rhetorics which the essay also presented. To cap it all, a simple summary at the end was provided.*

Susing Salita: obosen, duterte, Pilipinas, retorika, wika, pulitika, lipunan

*Keywords: obosen, Duterte, Philippines, Rhetorics, Language, Politics, Society*

**Panimula**

Ang pamumuno ni Rodrigo 'Digong' Duterte bilang alkalde noon ng Davao City ang siyang nagtanghal sa kanya bilang isang pambansang imahen ng malakas, makapangyarihan, at matapang na lider. Sa haba ng kanyang panunungkulan sa Davao City, naging saksi ang buong bansa kung papaano niya nabago ang lungsod, nalinis ito sa krimen, korupsyon, at pagsasamantala. Naging *urban legend* din ang *Davao Death Squad* na siyang diumano'y grupo na taga-likida ng mga masasamang elemento sa lungsod. Sa midya, imbes na itanggi ni Duterte ang mga pagpatay at pag-*ambush* na nangyayari sa lungsod, binibigyan pa niya ito ng papuri. Na siyang naging dahilan upang makabit sa kanyang pangalan ang taguring 'berdugo' ---isang lider na may layuning dakila para sa kanyang lungsod. Kung totoo man o hindi ang mga bintang sa kanya ukol sa *Davao Death Squad,* wala nang nakaalam at sa kaloob-looban ng marami ito ay gawain lamang ng isang lider na may *political will*. Sa paningin ng marami, siya ay isang uri ng pulitiko na kailangan ng bansang lugmok sa kahirapan at binabalutan ng krimen at kasamaan. Nakabuo si Duterte ng isang imahenasyon. Isang haraya na bunga ng paghahanap, kakulangan at paghihirap. Isang haraya na bunga rin ng pagnanasa tungo sa pagbabago.

Alam marahil ni Duterte ang pagnanasang ito ng maraming Pilipino kung kaya't pinatibay niya lalo ang imahen niya. Lumikha siya ng isang persona na matapang, tapat, may malasakit sa maliliit, handang pumatay para sa bayan, at may malakas na *political will*. Nagtahi siya ng kung ano-anong naratibo at kwento upang lalong maglaway ang mga Pilipino sa isang lider na kagaya niya. Pinatingkad niya ang imahen na ito habang ang imahen ng mahina, korup, malambot, walang

pakialam na pulitiko ang siyang pangkalahatang personalidad na nakakabit sa isang lider pampamahalaan. Itong pangkalahatang imahen na patuloy na kinamumuhian ng publiko. Sa madaling sabi, si Duterte ang naging *anti-thesis* ng bulok na sistema ng pamamahala.

Sa tulong ng midya, dumaloy ang kanyang wika, pananalita o lenguwahe sa buong kabisayaan sa pamamagitan ng kanyang mga programa sa telebisyon at radyo. Naging lantad sa buong Davao City pati na sa buong isla ng Mindanao ang istilo ng liderato ni Duterte. Kasama rin dito ang paminsan-minsang paghalaw ng mga pambansang midya *network* ng mga sipi ng kanyang mga panayam. Naging matunog ang paggamit niya ng wikang bisaya sa lahat ng kanyang mga panayam. Habang sumisikat ang istilo ng kanyang liderato, nagiging sikat din ang kanyang *diction* na siya namang pinanggagalingan ng *sense of pride* ng buong kabisayaan. Naging manipestasyon si Duterte ng isang pinunong Mindanaoan sa buong Pilipinas.

Malinaw na ginamit ni Duterte ang kanyang lenguwahe o wika upang ilunsad ang ambisyong pulitikal. Maaaring hindi niya pinangarap na maging pambansang pulitiko. Maaaring noong una ay nais niya lamang matanganan nang matagal ang posisyon at poder niya sa Davao City kung kaya't ang presensya niya sa midya at masigasig niyang pagtatahi ng mga urban legend at ibat ibang naratibo ng kanyang kakaibang istilo ng pamumuno ay naka-sentro lamang sa siyudad at sa Mindanao. Ngunit ang epekto ng kanyang *image-making* ay naging napalakalawak kung kaya't ang popularidad ni Duterte ay naging laganap din.

Ito ang dahilan kung bakit siya ay naging malakas na alternatibong kandidato noong eleksyon ng 2016 nang ang bansa ay mayroon lamang iilang mga tradisyunal

na pulitiko kagaya nina Mar Roxas at Jejomar Binay. Isang pambihirang phenomenon ito dahil si Duterte, sa kabila ng pagiging beteranong pulitiko, nagawa niyang ihiwalay ang sarili sa kulay at anyo ng mga tradisyunal na pulitiko. Nagawa niya ring itaas ang antas ng pananabik ng mga tao sa palagian niyang deklarasyon na hindi siya makikisangkot sa pampanguluhang eleksyon. Sa tuwing nakikita siya sa midya sa mga panayaw at tumatanggi, lalo namang tumataas ang nasa ng maraming Pilipino na siya ay dalhin sa Malacanang. Ang kanyang mga pagtanggi ay sa kalaunan ay nabasa lamang bilang estratehiya niya upang lalo siyang pagusapan at upang maipakita na siya ang kailangan ng bansa; isang lider na hinihingi lamang ng bansa upang tumayo para sa maliliit.

At ang kasaysayan nga ang naging saksi ng lahat, nanumpa si Rodrigo Duterte bilang ika 14 na pangulo ng Republika ng PIlipinas at sa kanyang likuran ay ang labing-anim na milyong boto ng Pilipino. Siya ang kauna-unahang pangulo ng Pilipinas na galing sa Mindanao. Sa kanyang kauna-unahang talumpati bilang pangulo, ingles ang pangkalahatang wikang ginamit ngunit hindi niya maiwasan na magbisaya, gaya halimbawa ng mga sumusunod na prase: "Tinud-anay nga Kausaban"[1] (*Compassion. Real change*.); at "Tinud-anay nga kabag-uhan. Mao kana ang tumong sa atong pang-gobyerno"[2] (*Real change. This is the direction of our government*).

Mataas ang pagpapahalaga ni Duterte sa kanyang wika. Ang wikang bisaya. Ang punto, pagbigkas, diction, at diin na kaakibat ng wikang ito ay hindi niya itinago sa kanyang mga talumpati. Kasama lagi ito sa kanyang mga talumpati ng mga pangako at programa para sa bansa at sa kanyang mga talumpati ng pagbabanta at

[1] Inaugural Speech, June 30, 2016. Malacanang.
[2] Ibid.

pananakot. Ilalatag ng sanaysay na ito ang isang panimulang pagbasa sa retorika ng mga sipi ng talumpating ito ni Duterte bilang isang bisaya. Tatalakayin din kung papaanong ang kanyang pagbibisaya ay nakakuha ng suporta mula sa rehiyon ng Mindanao at maraming bahagi ng Visayas; at kung papaano iniuugnay ng mga bisaya ang kanilang sarili kay Duterte dahil sa kanyang pagbibisaya at dahil sa kanyang pagiging bisaya. Gayundin, magbibigay ang papel na ito ng panimulang diskusyon ukol sa paggamit ng mga katunggali ni Duterte sa ilang termino/salitang bisaya (o kung hindi man biyasa ang diin at pagbigkas) na ginamit niya gaya ng 'obosen ko kayo', 'papatayin ko kayo', 'pesteng yawa' at 'putang-ina'. Ilalarawan ng papel kung papaano magsasanga-sanga ang mga interpretasyon ng mga terminong ito. Ipapakita rin dito ang pagdodomina ng wikang tagalong at ingles sa pulitikang Pilipino. Kung saan ang wikang bisaya ay pinaniniwalaan bilang wika ng mga hindi edukado, katulong, masa, at mangmang.

**Pagsasakonteksto: Pulitika ng wika/ Wika ng pulitika; Kapangyarihan at Kontrol**

Sa mundo ng akademya, malimit mapag-usapan ang mga katangian ng wika. Isa na rito ang pagiging *social phenomenon* nito. Sabi nga ng Pambansang Artista para sa panitikan na si Bienvenido Lumbera, "Parang hininga ang wika, sa bawat sandali ng buhay natin ay nariyan ito. Palatandaan ito na buhay tayo" (2003). Sa kanyang opinyon ang wika ay laging nakaugnay sa buhay ng tao. Hindi ito maaaring ihiwalay. Dahil una sa lahat instrumento ito ng mga panglipunang relasyon. "...hindi likas na bahagi ng pisikal na buhay natin ang wika. Isa itong instrumentong hiwalay sa ating katawan, isang konstruksyong panlipunan na kinagisnan nating nariyan na" (Ibid.), pagpapatuloy niya.

Bilang isang *social phenomenon* , malinaw na ang gamit ng wika ay nadodominahan ng salik panlipunan kagaya ng uri, kasarihan, *race* at iba pa. Mayroong tinatawag na konsepto ng panlipunang kamalayan (social consciousness) na maaaring maapektuhan ng wika. Kaugnay ng ating indibidwal na kamalayan ang kamalayan ng iba sa lipunan. Ang kamalayang ito ay naipadadaloy natin gamit ang wika. Kapag ang wika ay napangibabawan ng isang makapangyarihang uri, napangingibabawan din ang kamalayan at diwa ng indibidwal. Ika nga ni Lumbera (2003), "Ang wika ay kasangkapan ng may kapangyarihan." Ibig sabihin ang wika ay kasangkapan upang makontrol ang panlipunan at indibidwal na kamalayan.

Ang kontrol ay may maraming negatibong konotasyon, ngunit ang paggamit nito ay maaaring positibo, neutral o kaya'y negatibo. Maaaring ang wika ay gamitin upang ipahayag ang mga diwang kritikal, agresibo, pagbabanta o kaya'y nakakasakit. Tunay din na maaaring gamitin ang wika upang magbigay puri o positibong komento. Ang dalawang paggamit na ito ng wika ay pwedeng magkaroon ng dalawang magkaibang resulta: ang una bilang nagtataglay ng negatibong tono ay inaasahang magkaroon ng negatibo ring resulta; at ang huli bilang positibong tono ay inaasahan namang magkaroon ng positibong resulta. Sa larangan ng pulitika, maaaring mangibabaw ang alinman sa dalawang gamit na ito ng wika. Ang mga negatibong tono ay maaaring maging lunsaran ng mga panlipunang pagkilos kagaya ng protesta, rebolusyon, pagbubuo ng panlipunang kilusan, krimen, welga, at pagsilang ng mga pulitikal na oposisyon. Sa kabilang banda ang mga positibong tono ay maaaring maging daluyan naman ng mga positibong pagkilos kagaya ng kooperasyon, pagkakaisa-isa, kolektibong pagpapaunlad ng bansa, malaya at produktibong talakayan, at iba pa.

Ang mga direktiba (hayag man o hindi) ay naglalayong pagalawin ang isang tao tungo sa mga hangarin ng naguutos. Maaaring ang mga ito ay nasa porma ng pakiusap o kaya'y pautos o papilit. Iba iba ang pagtanggap ng isang tao sa mga direktibang ito (Hayakawa & Hayakawa 1990). Ang mga salitang binibitawan ni Pangulong Duterte sa kanyang mga talumpati'y minsan o kaya'y madalas ay napagkakamalan ng mga pulis, military o mga tagapagpatupad ng batas bilang mg utos o direktiba. Kung kaya't maraming mga pulis ang nasasangkot sa mga pagpatay ng mga kriminal, adik, o *pusher*. Halimbawa na lamang ang dalawang pulis sa Mindoro na nahuling kasamang *riding in tandem* at nasangkot sa isang tangkang pagpatay. Itinuturo din si Duterte bilang dahilan ng pagtaas ng mga patayan sa pangalan ng *Drug War* dahil sa kanyang walang humpay na pagkunsinti at mga pahayag.

Sa mga nabangit na mga halimbawa sa itaas, maliwanag na ang wika ay isang instrumento ng kapangyarihan at ng kontrol. Nakapagpapagalaw. Nakapagpapakilos. Pinalawak nina Halliday at Hasan ang argumentong ito. Para sa kanila, ang wika ay isang institusyong pulitikal at kung sino man ang magaling sa paggamit nito ay maaaring magamit nila ito sa pampersonal at panlipunang hangarin *(social goals)*. Sila rin ang magiging makapangyarihan.

### ***Obosen ko kayo*—Retorika ng Kapangyarihan**

Sa seksyong ito, tatalakayin ko ang naging palasak na paggamit ng salitang 'obosen ko kayo'[3] at kung papaano ito ginamit ni Duterte bilang retorika ng kontrol at kapangyarihan. Ang praseng ito ay madalas marinig sa mga talumpati ni Duterte lalo na kung tinutukoy niya ang kanyang determinasyon upang lipulin lahat ang mga

---

[3] Ubusin ko kayo (Tagalog)

*pusher* at adik sa ilegal na droga. Marami itong baryasyon nariyan na ang paggamit niya ng *'papatayin ko kayo'*, '*I will kill you'*, *'Either Jail or Hell*', at *'Papatayin ko kayong lahat'*.

Sa kasaysayan ng Pilipinas, hindi naging ganito ang uri ng lenguwaheng gamit ng ating mga naging pangulo sa tuwing sila ay haharap sa publiko't magtatalumpati. Ngunit lumayo si Duterte sa ganitong tradisyon. Iba ang kanyang naging istilo. Lenguwaheng kalye ang gamit niya. Ito ang kanyang paraan upang maipahatid sa publiko na ang bansa ay nasasadlak sa isang sitwasyon na hindi na kailangan ng isang mainahon na solusyon. Hindi na kailangan ng salitaan/o talumpatiang pormal upang maipakita ang hinagpis at galit ng taongbayan. Ginamit niya ang 'obosen ko kayo' bilang simbolo ng kanyang marubdub at determinandong damdamin laban sa korupsyon at iligal na droga. Isa itong malinaw na retorika. Isang panghihikayat sa kanyang publiko upang sila'y lubos na maniwala sa kanyang layunin at sa kanyang sinseridad. Ito ay pagtatakda ng mapanghikayat na pwersa. Inililimlim ni Duterte ang kanyang tunay na layon sa likod ng kanyang mga pananalita.

Sa pamamagitan ng 'obosen' naipapakita ni Duterte ang kanyang pagiging siga, matapang, tigasin at malakas na lider. Retorika ito ng pangungumbinsi. Kinukumbinsi niya ang kanyang publiko na taglay nga niya ang mga katangiang kailangan ng bansa na nilulukuban ng mga kriminal na element. Taglay niya ang imahen ng isang lider na hinaharaya ng mga Pilipino. Dahil sa 'obosen' ang kanyang tagasuporta ay nakakabuo sa kanilang kamalayan ng isang perspektiba na naaayon sa layunin ng Pangulo. Kung ano ang gusto ng pangulo na ipasok sa isipan nila, yun nga ang eksaktong naiisip nila. Kung ano ang gusto ng pangulo na ikilos nila, yun din ang kinikilos nila. Ito ay namalas natin sa mga kilos at

pagtatangol ng mga *Dutertards*[4] para sa pangulo. Isa itong sikolohikal na *phenomenon*. Sinakop ng 'obosen' ang kamalayan kung kaya't pati na ang kilos, gawi at paniniwala ay nasakop na rin. Ganito ang kapangyarihan ng wika. Makapangyarihan ito gaya ng napansin ng mga mananaliksik sa linguwistika at sikolohika.

Naging epektibo ito, kung kaya't kahit ano pa ang ibato ng mga *human rights groups* o *international organizations* ukol sa paggamit ni Duterte sa 'obosen' lalo pa niya itong binibigkas na wari'y natural at likas na namumutawi lamang sa kanyang bibig. Malay man o hindi ang pangulo sa retorika ng 'obosen', dalawa ang malinaw: malakas ang epekto nito sa pagkontrol ng kamalayan ng kanyang publiko; at malakas din ang talab nito sa damdamin ng iilang kababayan na nakakaramdam ng hinagpis ukol sa mga kriminalidad at korupsyon sa lipunan---mga taong katulad ni Duterte ay may galit din sa nangyayari sa bansa.

Sa madaling sabi, ang 'obosen' ay ginamit ni Duterte bilang simbolo ng kanyang kampanya laban sa korupsyon at illegal na droga. Simbolo at *banner* niya ito upang ang kanyang publiko ay makiugnay at makisama sa kanyang layunin. Isang bandera na nais niyang iwagayway upang siya ay sundin at pamarisan ng nakararami. Mahirap man itong ikumpara sa ibang bandera gaya ng ginawa ng mga *'Liberty, Equality at Fraternity*[5]*'* ng French Revolution, ngunit lubhang napakalinaw ng propagandang ito upang hindi mapansin ang pagkakatulad.

Hindi rin madaling mabasa na ang retorikang ito ni Duterte ay nagsisilbing babala sa mga sangkot sa illegal na droga at korupsyon. Hindi ito hungkag na

---

[4] Isang terminong sumikat upang kumatawan sa mga supporters at panatiko ni Duterte na tila ba hindi kayang sirain sa isipan nila and Pangulo ano pa paman ang ibatong isyu ukol sa kanya.

[5] Ang motto ay unang binanggit ni Maximilien Robespierre sa isang talumpating pinamagatang *"On the organization of the National Guard"* (French: Discours sur l'organisation des gardes nationales) on 5 December 1790.

babala dahil sa mga *urban legend* na natahi na mula pa noong siya ay alkalde ng Davao City, partikular ang alamat ng *Davao Death Squad*. Dahil sa alamat na ito, tinanggap ng publiko ang mga ‘obosen’ at iba pang mga babala na katotohanan na rin kahit na wala namang konkretong mga ebidensya na naiharap sa anumang korte sa Davao man o saang sulok ng bansa. Kung kaya’t ang mga indibidwal at mga sindikato na sangkot sa droga ay kanya-kanyang nagsipag *regroup*, nagbago ng *routine* at estratehiya, nanamlay, at nagbawas ng operasyon. Naramdaman ito dahil sa pagbaba ng *supply* ng droga particular noong unang bahagi ng termino ng pangulo; at siya naming pagmahal ng presyo ng droga.

Dahil sa magaling na paggamit ng retorikang ‘obosen’, naging representasyon ito ng kanyang kapangyarihan bilang pangulo. Salamin ng kanyang lakas, tapang at malasakit. Naging manipestasyon din ito, sa kabilang banda, ng isang lider na may *absolute power* na walang pakialam sa karapatang pantao, batas at moralidad alang alang sa bansa niyang pinagmamalasakitan.

### ***Obosen ko kayo*—Repleksyon ng Lider na Marahas**

Ang ilang mga katunggali ni Duterte ay bumuo rin ng counter-rhetoric ng ‘obosen’. Binasag nila ang retorika nito sa pamamagitan ng kanilang kampanya upang ito ay maging simbolo at manipestasyon ng isang lider na marahas. Ginawa, halimbawa ng midyang kritikal kay Duterte, ang pagbibilang ng mga bangkay na may kinalaman sa droga. Sa kanilang estadistika, hindi pinaghiwalay ang mga namatay sa operasyon ng pulis at ang mga namatay mula sa kamay ng mga *riding-in-tandem* [sila man ay kumikilos ayon sa utos ng sindikatong may kinalaman sa droga o pumapatay ayon sa utos ng pamahalaang Duterte]. Ito ay dahil sa paniniwala ng mga kritiko na ang mga pagpatay ay nag-ugat mula sa iresponsableng pananalita ni Duterte gaya ng ‘obosen’. Inilarawan nila ang ‘obosen’ bilang isang eksplisitong at

implisitong direktiba mula sa pangulo upang magbigay daan sa kultura ng pagpatay at tradisyon ng karahasan. Sa kanilang palagay, direktiba ito sa mga pulis at tagapagdaloy ng kanyang *anti-drug war* upang pumatay nang pumatay. At isa ring di-hayag na utos ito sa mga sindikato at *vigilante* upang ubusin ang mga sangkot sa droga.

Marahas na lider ang naging presentasyon kay Duterte. Ang giyera ng droga ay hindi lamang nangyayari mula sa mga pagkilos at operasyon ng pulis. Ang pagwasak ng mga sindikato ng droga mula sa kanilang hanay ay resulta rin ng 'obosen'. Mula sa loob, sila sila rin ang nagsimulang magpatayan.

Sinimulan ni Duterte ang paglista ng mga durugista sa bawat barangay, covered ng midya ang lahat ng operasyong ito. Dahil dito ang identidad ng mga taga-konsumo ng droga ay naging hayag; dahilan kung bakit kinailangan isa-isaing iligpit ang mga ito dahil sa takot ng mga nagbebenta o sindikato na mahuli at maituro. Samantalang ang mga nakalulusot ay napapatay naman sa mga marahas at bayolenteng operasyon ng elemento ng pulisya. Sa aking sariling teorisasyon, ang 'obosen' ang siyang naging hudyat upang ang gulong ng karahasan at kultura ng patayan ay umikot nang mas mabilis kaysa sa natural at normal (kung may normal man sa abnormal na phenomenon na ito).

Ang counter-rhetoric ng 'obosen' ay siyang pambalanse sa palabas at sa drama ni Duterte. Ito ang naglatag ng tunay na layon ng retorikang 'obosen'. Hindi ito para sa isang ideyal at romantikong hangarin gaya ng pinapalabas ni Duterte. Hindi ito mula sa malasakit sa bayan. Hindi ito ang uri ng patriotismo na kailangan ng naghihingalong bansa gaya ng laging ibinabandera ng Pangulo. Ang 'obosen' ay siyang manipestasyon ng isang marahas na lider na walang pakialam sa buhay ng

isang henerasyon. Maraming kabataan ang namatay at naging biktima ng kanyang retorika. Taliwas ito sa kanyang minsa'y sinabi: "*Do not destroy the youth of my land*."

Ang 'obosen' ay may kaakibat na galaw. Nagpapakita ito ng katangian ng wika na tinatawag na perpormatibo (performativity of language). Ang epekto nito ay higit pa sa truth-making o construction. Lumalatay ito sa kamalayan at mula sa kamalayan nagkakaroon ito ng panlabas na manipestasyon gaya ng kilos o aksyon. Ganito ang nangyari sa 'obosen'. Isa lamang itong simpleng salita na lumalatay ngayon sa lipunang Pilipino. Hindi lamang simpleng latay o pasa ang dulot nito. Kundi mga sugat na mahirap nang hilumin dahil apektado ang isang henerasyon.

**Obosen ko Kayo—Salamin ng Bansang Nagpapahalaga sa Wikang Tagalog**

Isa pang counter-rhetoric ng 'obosen' ay nang maging simbolo ito ng bansang nagpapahalaga sa wikang tagalog. Mula pa noong naitatag ang Republika, ang Pilipinas ay isang bansang nakahilig at nakapaling sa wikang tagalog—ang wika ng pamamahala. Liban pa dito, ang wikang ingles ay nagdodomina rin sa lahat ng aspekto ng pamamahala at burukrasya. Samantalang ang mga wikang nasa rehiyon gaya ng bisaya, kapampangan, Cebuano, Hiligaynon, etc. ay tinatabunan at unti-unting pinapatay. Ang wikang bisaya, halimbawa, ay laging nililibak at na-ii*stereotype* sa popular na kultura at/o midya bilang wika ng mahihina, mal-edukado, mahihirap, at walang class. Kung kaya't ang katatawanang karakter sa mga pelikula, programa sa telebisyon at entablado ay karaniwang nagsasalita sa wikang bisaya. Kapag bakya, dapat bisaya; at kapag sosyal at propesyunal, dapat ingles o kaya'y tagalog ang salita.

Dahil sa ganitong perspektiba, ang ‘obosen’ ay naging simbolo ng masang tagasuporta ni Duterte. Mga supporter niya na mal-edukado, hindi nagiisip, hindi kritikal, walang class, masa, mahihirap, probinsyano, at iba pa. Ginamit ang ‘obosen’ ng kanyang mga katungali bilang prase ng panlilibak lalo na sa mga tagasuporta niya na inuugnay sa mga taong madaling ma-brainwash at ma-kontrol. Nakalutang ngayon sa social media ang maraming ‘obosen’ memes upang maipahayag ang kababawan ng wikang nakaugnay sa salitang ito—partikular ang wikang bisaya o wikang likas na gamit ni Duterte. Habang nililibak nila ang Pangulo at ang kanyang mga tagasunod, naiinsulto rin ang kanyang daladalang wika.

Naging *pejorative phrase* ang ‘obosen’. Sa orihinal nitong ispeling na ‘Ubusin’ patungong ‘obosen’ ay malinaw na pang-iinsulto sa pagbigkas ng mga bisaya sa mga tagalog na salita. Sa ispeling pa lamang binigyan na ito ng tunog. Makikita ito sa mga memes na lumulutang sa social media na naging obhekto ito ng katatawanan. Posible na ang layunin ng mga meme ay ang paglaruan at libakin ang pangulo ngunit kasabay nito naiinsulto rin ang wikang bisaya. At karaniwan sa mga gumagawa nito, ang mga natatawa sa tunog ng ‘obosen’ ay ang mga nagpapahalaga sa wikang tagalog.

Ilan sa mga meme na ito ay ang mga sumusunod:




Larawan 1.




Larawan 2.




Larawan 3.




Larawan 4.

Isa itong repleksyon ng bansang nagbibigay halaga sa wikang tagalog/Filipino. Repleksyon ng isang bansang nagpapahalaga sa wikang tagalog bilang wika ng kapangyarihan. Binigyan ng prebileho ang tagalog at binabalewala ang mga wikang nakaugat sa mga rehiyon gaya ng bisaya. Ito ay sa kabila ng ibang ahensya ng pamahalaan na naglalayong palakasin ang mga wikang nasa mga probinsya.

**Konklusyon**

Sa aking pagwawakas nais ko sanang bigyan ng isang klaripikasyon ang lahat. Ang wika bilang isang social phenomenon ay mayroong sosyal din na epekto. Mayroon itong kapangyarihang bumuo ng kamalayan at magtulak tungo sa isang idelohiya, kilos o galaw. Performative ang wika; maliban pa sa katangian nitong maghatid ng katotohanan, mito, metapora at alamat. Lumilikha ang wika ng kaisipan na siya namang lumilinang ng isang kultura at tradisyon. Ang mga counter-rhetoric na ipinakita sa sanaysay na ito ay inilatag upang makita ng tumatangkilik kay Duterte ang dalawang perspekstiba na nasa loob o kaya'y nakatago sa mga pananda o *cues* sa retorika ng 'obosen'.

Ang interrogasyong ginawa sa sanaysay na ito ay maaaring hindi konklusibo, ngunit nagbibigay linaw sa iilang aspekto ng 'obosen' bilang wika ng kapangyarihan at bilang wika ng minoritisasyon ng rehiyunal na wika. Ang 'obosen' ay isang salita lamang ngunit kung lalawakin ang pagbabasa sa kabuuang retorika ni Pangulong Duterte, makikita ang isang pattern. Maaaring sa isang malalim na pagaanalisa, makikita na ang Duterte administration ay nagtatahi ng mga retorika para sa kanyang kapakanan. Ngunit, malinaw rin na habang ang mga retorika ay inahabi ni Duterte, ang kanyang mga katungali ay naggagawa naman ng mga counter-retorika.

**Sanggunian**


Benda, Clemens E. *The Linguistic Basis of Conciousness, Etc.* A Review of General Semantics Vol. 16, No. 3, pp. 343-355, 1959.

Cabico, Gaea Katreena. June 26, 2018. Duterte Year 2: 'Without rights, a return to rule by tyrants' https://www.philstar.com/headlines/2018/06/26/1828106/duterte-year-2-without-rights-return-rule-tyrants

Cupin, Bea. *Oriental Mindoro cops face murder raps over 'riding-in-tandem' case*. Rappler. October 13, 2016. https://www.rappler.com/nation/149058-oriental-mindoro-cops-face-murder-raps-riding-in-tandem

Gomez, James. July 3, 2017. One Year Later Duterte Remains a Human Rights Nightmare. The Diplomat. https://thediplomat.com/2017/07/one-year-later-duterte-remains-a-human-rights-nightmare/ Charles H. *Social Consciousness*. American Journal of Sociology. Vol. 12, No. 5, pp. 675-694, 1907.

Halliday, M. A. K., & Hasan, R. *Language, context and text: Aspects of language in a social-semiotic perspective (2nd ed.)*. Oxford: Oxford University Press. 1989.

Hayakawa, S. I. and Alan R. Hayakawa. *Language in Thought and Action, 5th ed*. San Diego, CA: Harcourt Brace, 67, 1990.

Lumbera, Bienvenido. *Wika at Kapangyarihan*. Lekturang Propesuryal. DLSU. 2003.

Mellejor, Lillian. *Low supply pushes shabu price to P12k/gram*. Philippine News Agency. 29/08/2017. http://northboundasia.com/2017/08/29/low-supply-pushes-shabu-price-p12kgram/

Preda. Church Rights Groups Blame Duterte for the Rise in Killings. July 26, 2016. https://www.preda.org/phnews/church-rights-groups-blame-duterte-for-rise-in-killings/